Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYANG NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-3 NG PEBRERO, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 027-T'99

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG HALAGANG P0.50 BILANG KARAGDAGANG SINGIL SA BAWAT MANONOOD NG SINE SA NILOLOOBAN NG ANIM NA BUWAN AYON SA KAHILINGAN NG LIGA NG MGA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kap. Blg. 01-T'98/Kautusan Blg. 01-T'98 ng Liga ng mga Barangay, bayang ito na naglalayong makalikom ng salaping magagamit bilang pondo ng samahan sa pamamagitan ng pagpapataw ng karagdagang bayad sa bawat manonood ng sine na tatagal nang hanggang anim na buwan;

**SAPAGKA'T,** walang sariling pondo ang samahan upang ipambili ng mga "office supplies" at kagamitan ng tanggapan nito ayon sa isinasaad sa nabanggit na kapasiyahan ng nasabing liga;

**SAPAGKA'T,** nakasaad din sa Kapasiyahan Blg. 01-T'98 ng Liga ng mga Barangay na ayon sa Seksyon 505 ng Bagong Kodigo ng Lokal na Pamamahala ng Taong 1991, ang lahat ng mga liga ay kukuha ng pondo mula sa proyekto o gawaing pangangalap ng pondo upang magamit sa mga proyekto nito;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay, pag-aaral, pagsangguni at pagsang-ayon ng mga may-ari ng sinehan sa halagang itinakda ng mga may-ari ng sinehan ay ipinasya ng Lupon sa batas na irekomendang pagtibayin ang nasabing halaga bilang karagdagan sa singil sa mga manonood ng sine;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Ricardo B. Ramirez at sa pagsang-ayon ng higit na nakararaming kagawad na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN :** Na pagtibayin ang halagang P0.50 bilang karagdagang singil sa bawat manonood ng sine sa nilolooban ng anim na buwan ayon sa kahilingan ng Liga ng mga Barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at Liga ng mga Barangay, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY :

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE: 3-10
STA. CRUZ, LAGUNA